



Konstitusyon

International Alliance of Waste Pickers

Kasama sa updated na bersiyon na ito ng konstitusyon ang mga pagbabago na inaprubahan sa sesyon ng pagpapatupad ng konstitusyon ng Oktubre 17, 2022 ng Global Advisory Committee ng International Alliance of Waste Pickers. Makukuha online sa <https://globalrec.org/constitution> ang Ingles na bersiyon.

Panimula	3
0. Pangalan	4
1. Misyon	4
2. Mga Pakay at Layunin	4
3. Saklaw	6
4. Pagiging Miyembro	7
5. Pagwawakas ng Membership	7
6. Mga Bayad sa Pagiging Miyembro	8
7. Istruktura ng Sentral na Koordinasyon	9
7.1 Kongreso	9
7.2 Konsehong Ehekutibo	10
7.3 Mga Opisyal	11
7.4 Paghalal ng Konsehong Ehekutibo at Mga Opisyal	12
7.5 Pagtanggap sa Panunungkulan ng Mga Opisyal	13
7.6. Mga Pansamantalang Opisyal	13
7.7 Kalihiman	14
8. Pamamahalang Pinansiyal	14
9. Mga Tungkulin ng Mga Kaanib	16
9.1 Relasyon sa pagitan ng Alyansa at Mga Kaanib:	16
9.2 Mga Tungkulin ng Mga Kaanib	16
10. Interpretasyon ng Konstitusyon	16
11. Mga Susog	17
12. Pagpapataw ng Kabayaran sa Mga Opisyal/Lider	17
13. Pagbuwag	17
14. Mga Nakalakip na Regulasyon	18

Panimula

Kami, mga *waste picker, recycler, canner, dumpster diver, scrapper, at reclaimer*, na inorganisa sa iba't ibang bahagi ng aming malalawak na kontinente, ay nagpapatibay sa aming proseso ng diyalogo at kolektibong pagpapalakas batay sa sumusunod na Konstitusyon.

Sa loob ng maraming taon, tayo, ang bunga ng isang sistema na nag-iipon, tumututok, nanliliban, naninira, at nagtatapon, ay lumikha ng ating sariling mga trabaho upang mabuhay sa isang mundo na nagpapakita ng labis na agresyon sa ating kapaligiran, na nagsasapanganib sa lahat ng buhay. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama, pakikilahok sa diyalogo, at pag-oorganisa, nakipaglaban tayo para sa mga karapatang ipinagkait sa atin, tulad ng makatarungang suweldo at pagkilala sa dignidad ng ating gawain at ating mga kontribusyon sa kapaligiran.

Ginagabayan ang ating Konstitusyon ng pagkakatatag ng mga proseso at resolusyon ng ating mga pagpupulong. Nagtatag ang mga ito ng mga alituntunin na ginagamit natin sa ating pakikibaka upang ipaglaban ang karapatan ng mga manggagawa na tradisyonal na sistematikong iniliban: tunay na demokrasya bilang kasangkapan laban sa pang-aapi at para sa pagpapalaya; pag-oorganisa ng mga unyon na may pakikilahok at nagtataguyod ng mga karapatan ng manggagawa; kolektibong pamamaraan ng organisasyon na pinalehitimo ng lahat ng manggagawang kinakatawan natin; katapatan at transparensiya bilang mga makina tungo sa pagkakapantay-pantay at katarungan; ang mga proseso ng balanse at pagpuna sa sarili para sa pag-update at pagpapabuti ng ating mga layunin; ang permanenteng pangangalaga sa mundo bilang ating karaniwang tahanan; ang paggamit ng kapangyarihan bilang isang uri ng paglilingkod para sa mga taong mas kaunt ang kapangyarihani; at nagtataguyod para sa pagiging simple at patas laban sa karangyaan, aksaya, at sa hindi makataong paghabol ng kita.

Sa sumusunod na Konstitusyon, muli naming pinagtatibay, inuutos, at itinatatag ang mga adhikain at layunin ng aming internasyonal na alyansa, ang saklaw ng at pagkakaiba sa aming kalakalan, ang saklaw ng aming mga kasangkapan sa pagtataguyod, ang aming mga prinsipyo sa organisasyon at mga kinakailangan sa pagsasama, ang aming sentral na istruktura ng koordinasyon, ang mga tungkulin ng aming mga opisyal, at ang mga karapatan at tungkulin ng aming mga kaanib.

Kaakibat ng seryosong determinasyon na palaguin ang kultura ng pagtanggap, kolektibong pagsisikap, at kapayapaan, nangangako kami na pahalagahan ang aming trabaho, upang makamit ang isang marangal na buhay at mabuting pamumuhay para sa aming mga manggagawa, at pangalagaan at pagalingin ang aming iisang tahanan, at pinatitibay namin ang aming organisasyon sa internasyonal na alyansang ito ng mga waste picker.

0. Pangalan

Ang "Waste pickers' International Alliance".

1. Misyon

Itinatag bilang isang kinatawang istruktura at tagapagsalita para sa mga waste picker, ipagtanggol ng Alyansa ang kanilang trabaho at pagkilala nito, sa pagsusumigasig na makamit ang mga pampublikong patakaran na mapabubuti ang mga kondisyon ng pagtatrabaho at pamumuhay ng mga recycler ng mundo.

2. Mga Pakay at Layunin

Ang mga pakay at layunin ng Alyansa ay ang mga sumusunod:

2.1 Palawakin at palakasin ang mga network ng mga waste picker at itaguyod ang dignidad ng mga waste picker sa internasyonal, rehiyonal, pambansa, at lokal na antas na may layuning makamit ang kompletong karapatan;

2.2 Upang tulungan ang mga kaanib na kumatawan sa mga waste picker sa pambansa at rehiyonal na antas;

2.3 Buoin at palakasin ang kakayahan at pamumuno ng mga waste picker sa lahat ng antas ng samahan sa pamamagitan ng paggawa ng mga estratehiya na nagsisiguro na ang lahat ng antas ng pamahalaan ay nakikinig, nakatatanggap, at tumutugon sa mga kahilingan ng mga waste picker sa pamamagitan ng pagtataguyod ng sama-samang pakikilahok sa integrated waste management;

2.4 Upang itaguyod at tulungan ang mga waste picker sa buong mundo sa pag-oorganisa nang sarili at pagpapasya nang sarili na bumuo ng mga member-based organization na nagbibigay-daan sa kanila upang kolektibong ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at benepisyo;

2.5 Upang unahin ang pagpapabuti ng kalagayan ng pamumuhay at pagtatrabaho ng pinakamahihirap at mga nasa pinakalaylayan ng lipunan na mga waste picker bilang pagkilala sa pagkakaiba sa katayuan ng mga waste picker at iba pang informal waste worker sa iba't ibang bahagi ng mundo;

2.6 Upang suportahan, samahan, at payuhan ang mga demokratikong proseso sa mga organisasyong kasapi;

2.7 Upang kumatawan at magtaguyod para sa pagkilala sa mga waste picker na magkaroon ng makatarungang sahod na tumutugon sa kanilang kontribusyon sa kapaligiran. Gagawin ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng materyal na pagpepresyo,

karapatan sa paglago ng value chain at garantiya ng minimum na sahod ng bawat manggagawa bilang mga minimum na kondisyon para sa milyon-milyong waste picker sa buong mundo.;

2.8 Upang dalhin ang mga waste picker sa mainstream ng pamamahala ng basura at upang matiyak na gumaganap sila ng isang sentral na papel sa pagbuo at pagtalakay ng mga patakaran at batas na nakaaapekto sa kanilang kabuhayan, tulad ng mga may kaugnayan sa solid waste management, zero waste, extended producer responsibilities, urban planning, at environmental legislation;

2.9 Upang magtaguyod para sa pagpapanatili ng kabuhayan ng mga waste picker sa pamamagitan ng pagpapabuti ng access sa basura at sa pamamagitan ng pagsasama ng mga waste picker sa solid waste management at recycling system, paggawa ng mga estratehiya na tinitiyak na naririnig ng lahat ng antas ng pamahalaan ang mga kahilingan ng mga waste picker, pagtataguyod ng sama-samang pakikilahok sa integrated waste management;

2.10 Upang makabuo ng kamalayan sa lokal, pambansa, at internasyonal na antas tungkol sa mga kontribusyon ng mga waste picker sa pag-recycle, solid waste management, pangangalaga sa kapaligiran, at pagbawas sa pagbabago ng klima, at upang magtaguyod na ibayad ang mga bayarin sa recycling na suportado ng pamahalaan sa mga waste picker para sa mga kontribusyong ito;

2.11 Upang bumuo at magtaguyod para sa mga programa na magtitiyak na ang lahat ng mga waste picker ay may malusog, ligtas, at ligtas na mga kapaligiran ng pagtatrabaho, na malaya sa mga nakalalasang basura at iba pang mga mapanganib na bagay, na ang mga waste picker ay nananatiling ligtas mula sa mga negatibong epekto sa kalusugan na nauugnay sa mga pagbabago sa mga proseso at materyales ng pagmamanupaktura, at na ang mga waste picker ay may access sa pambansang pondo ng segurong pangkalusugan;

2.12 Upang bumuo ng isang database ng impormasyon sa mga numero at sitwasyon ng mga waste picker sa iba't ibang bahagi ng mundo, na pinaghiwa-hiwalay ayon sa kasarian at edad, na bumubusisi nang mas malalim sa iba't ibang mga tagapagpahiwatig upang malaman ang tungkol sa pandaigdigang katotohanan ng mga waste picker;

2.13 Upang maidokumento at maipalam ang impormasyon sa mga epektibong estratehiya sa pag-oorganisa para sa pagtataguyod at pangangalaga sa karapatan ng mga waste picker;

2.14 Upang hikayatin ang lahat ng kaanib na wala pang naitatag na mga istruktura ng kabataan na magtatag ng gayong mga istruktura ng kabataan sa kanilang sariling mga organisasyon, at upang matiyak na kabilang sa mga istrukturang ito ang mga taong may kapansanan;

2.15 Upang tutulan ang diskriminasyon, panggugulo, at kawalang-galang na ipinakita sa mga waste picker ng mga pulis, iba pang pwersang institusyonal, at iba pang mga aktor;

2.16 Upang makipagtulungan sa mga kaanib, pamahalaan, at iba pang organisasyon upang mapadali ang edukasyon ng mga anak ng mga waste picker at mapabuti ang pagkuha ng childcare upang matiyak na mabuwag ang child labor;

2.17 Upang tutulan sa lokal, pambansa, rehiyonal, at internasyonal na antas ang mga hindi napapanatiling kasanayan sa pamamahala ng basura na pagsunog ng basura sa lahat ng anyo; (Walang Pagsunog)

2.18 Upang magsikap na maalis ang hindi makatarungang mga kasanayan sa kalakalan sa mga sektor ng pamamahala ng basura at recycling na nakaaapekto sa kabuhatan ng mga waste picker;

2.19 Upang magtaguyod para sa pagkakakilanlan ng trabaho, kapakanan sa lipunan, seguridad sa lipunan, at mga kagamitang personal na proteksiyon na sensitibo sa kasarian para sa lahat ng waste picker;

2.20 Upang makipagtulungan sa mga internasyonal na pederasyon at iba pang organisasyon na kumakatawan sa mga impormal na manggagawa at unyon ng mga trabahador sa mga bagay na may mutual na interes;

2.21 Upang makipagtulungan sa pakikisosyong panlipunan sa mga NGO, unibersidad, at institusyon ng pananaliksik na nakikipagtulungan at sumusuporta sa mga waste picker at sumusuporta sa mga layunin at konstitusyon ng Alyansa;

2.22 Upang pamahalaan, pangasiwaan, ipamahagi, at pangasiwaan, sa pamamagitan ng mga pinagkasunduan at tahasang mekanismo, ang pagkuha at pamamahagi ng mga resource na nakuha sa pamamagitan ng iba't ibang paraan (tulad ng pangangalap ng pondo), na ang mga pangunahing layunin ay nakadetalye sa Konstitusyong ito.

3. Saklaw

Ang Internasyonal na Alyansang ito ay napagkasunduan bilang isang unyon ng trabahador ng mga waste picker. Sumasaklaw ito sa mga waste picker na kinakatawan sa mga organisasyon na kumikilos sa pagtatanggol ng mga subset ng mga waste picker sa loob ng buong kategorya sa buong mundo, kabilang ang mga waste picker na nagsasagawa ng pagpapaunlad ng kapaligiran, suportang administratibo, at iba pang mga gawain sa loob ng kanilang mga organisasyon.

3.1 Sa Internasyonal na Alyansa, ang mga waste picker ay tinukoy bilang mga sumusunod:

- a. Mga taong sangkot sa pagkolekta, paghihiwa-hiwalay, pag-aayos, at pagbebenta ng mga recyclable (papel, plastik, metal, salamin, atbp.) sa isang impormal o semi-formal na kapasidad bilang mga manggagawang self-employed;
- b. Mga Itinerant waste picker, mga impormal/semi-formal waste collector na nakikibahagi sa paglilipat, pag-aayos, at pagbebenta ng mga recyclable, mga impormal na manggagawa na nakikibahagi sa paglilipat o pag-aayos sa loob ng impormal o semi-formal na pag-aayos/pagbawi/pag-recycle na sector, o alinman sa mga nabanggit na isinama sa mga munisipal na sistema ng pamamahala ng basura at patuloy na nag-aayos at nagbebenta ng mga recyclable;
- c. Mga dating recycler na nanunungkulan ng mga bagong tungkulin sa kanilang mga organisasyon sa pag-recycle sa pagpapaunlad ng kapaligiran, pagbibigay-alaga, mga programa sa kalusugan, mga programa sa kasarian, atbp.

3.2 Uri ng Organisasyon:

Ang mga lokal, pambansa, o rehiyonal na organisasyon na sumusunod sa bawat isa sa mga sumusunod ay maaaring maging miyembro ng Alyansa:

- a. Dapat maging demokratiko at may pananagutan;
- b. Dapat ay membership-based, ibig sabihin, pag-aari o kontrolado ng mga impormal na waste picker, halimbawa: Mga Kooperatiba, Unyon ng Trabahador, Samahan, atbp.;
- c. Dapat kumatawan sa mga impormal na waste picker;
- d. Dapat magnais na bawasan ang stigma at mapabuti ang kalagayang sosyo-ekonomiko ng kanilang mga miyembro;
- e. Dapat sumunod sa mga pangunahing alituntunin ng karapatang pantao na nakasaad sa UDHR, 1948;
- f. Dapat magkaroon ng nakasulat na konstitusyon, batay sa demokratiko at legal na mga alituntunin, at regular na ulat sa pananalapi, na inaprubahan ng kanilang mga miyembro.

4. Pagiging Miyembro

4.1 Ang anumang karapat-dapat na organisasyon ay maaaring mag-apply sa pamamagitan ng nakasulat na aplikasyon na may mga kinakailangang detalye at dokumento (tingnan sa Mga Regulasyong Idinagdag);

4.2 Ang pagiging miyembro ay kukumpirmahin batay sa feedback mula sa / pagpapatunay ng mga umiiral na miyembro sa bansa/rehiyon hinggil sa pagiging kuwalipikasyon ng aplikante

- 4.3 Ang Konsehong Ehekutibo ang magpapasya na tanggapin o tanggihan ang application batay sa mga kinakailangan sa pagiging kasapi sa Konstitusyong ito;
- 4.4 Isang balangkas para sa pagpapatunay ng katotohanan ng mga organisasyong aplikante na naaayon sa Sugnay 3. Ang saklaw sa itaas ay palalawakin para sa adhikaing ito;
- 4.5 Ang mga boto ng isang organisasyon ay matutukoy batay sa prinsipyo ng proporsiyonal na representasyon, batay sa bilang ng mga aktibo at bayad na miyembro ng organisasyong iyon;
- 4.6 Ang mga organisasyong multi-sector (ayon sa Sugnay 3.2(c) sa itaas) ay dapat kinatawan ng mga miyembro mula sa kanilang mga waste picker component;
- 4.7 Ang pag-renew ng membership ay dapat na nakasalalay sa pagbabayad ng taunang bayad sa membership at pagtugon sa iba pang mga obligasyon sa Alyansa.

5. Pagwawakas ng Membership

- 5.1 Ang sinumang organisasyong kasapi ay maaaring umalis sa Alyansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng hindi bababa sa tatlong (3) buwang abiso sa kasulatan sa Konsehong Ehekutibo. Sa kaso ng pag-withdraw, walang bayad na ibabalik sa nagre-resign na miyembrong organisasyon;
- 5.2 Maaaring suspendihin o paalisin sa Alyansa ang miyembrong organisasyon para sa paglabag sa mga artikulo at alituntunin ng Konstitusyon, hindi na pagiging kuwalipikado ayon sa Sugnay 4, o sa pagkilos laban sa interes ng Alyansa o mga waste picker sa kabuoan;
- 5.3 Maaaring paalisin o suspendihin ng Konsehong Ehekutibo ang anumang miyembrong organisasyon sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga dahilang kasama sa Sugnay 5.2. Susundin ng Konsehong Ehekutibo ang mga alituntunin ng likas na katarungan at papayagan ang miyembro na mapakinggan sa anumang panukala na paalisin o suspendihin. Ang naturang pagdinig ay isasagawa ng isang malayang kalipunan na binubuo ng mga miyembrong organisasyon na kasalukuyang hindi nanunungkulan sa Konsehong Ehekutibo o may halal na miyembro mula sa parehong organisasyon o Rehiyon. Anumang naturang desisyon ay kailangang pagtibayin ng Kongreso sa susunod na sesyon nito. Maaaring umapela ang isang suspendido o pinatalsik na miyembrong organisasyon sa Kongreso sa kasulatan bago ang susunod na sesyon nito na may dokumentasyon at paliwanag na nagpapatunay ng patuloy na kuwalipikasyon nito na maging miyembro ng Alyansa hanggang sa desisyon ng Kongreso;
- 5.4 Ang isang suspendido o pinatalsik na organisasyong miyembro ay hindi makatatanggap ng anumang refund ng mga bayarin o utang mula sa Alyansa at hindi

rin magiging kuwalipikado sa anumang mga benepisyo, karapatan, o pribilehiyo na magagamit ng mga miyembro ng Alyansa.

6. Mga Bayad sa Pagiging Miyembro

6.1 Ang Mga Bayad sa Pagsanib at Mga Taunang Bayad sa Pagiging Miyembro ay itatakda ng Konsehong Ehekutibo, na nagsisikap na bumuo ng mga inklusibong mekanismo na isinasaalang-alang ang impormal na katangian ng sektor kung saan kinakailangang ayusin at labanan at kung saan hindi eksklusibo ang mga bayarin sa ekonomiya;

6.2 Ang mga bayarin ay babayaran bago ang ika-30^{ng Abril} ng bawat taon ng kalendaryo. Ang hindi pagbabayad ay hahantong sa suspensiyon ng pagiging miyembro at lahat ng karapatan at pribilehiyo, kabilang ang mga karapatan sa pagboto at pagiging miyembro sa anumang komite. Sa kaso ng hindi pagbabayad sa loob ng isang taon ng anumang organisasyon ng miyembro, ang pagiging miyembro ay maituturing na inaktibo, at ang organisasyong iyon ay walang karapatang bumoto o magtamasa ng anumang benepisyo ng pagiging miyembro. Sa kaso ng hindi pagbabayad sa loob ng dalawang taon, ang pagiging miyembro ay kakanselahin;

6.3 Ang pag-waiver ng pagsanib / bayad para sa taunang pagiging miyembro para sa anumang pambihirang kadahilanan ay maaaring matukoy ng Konsehong Ehekutibo para sa isa o higit pang mga miyembro. Gayunpaman, ang gayong mga waiver ay dapat matukoy ng Konsehong Ehekutibo depende sa bawat kaso.

7. Istruktura ng Sentral na Koordinasyon

Ang Alyansa ay pinamamahalaan ng mga sumusunod na istruktura:

7.1 Kongreso

7.1.1 Ang Kongreso ang pinakamataas na tagapagpasya ng Alyansa;

7.1.2 Binubuo ang Kongreso ng lahat ng kaanib na organisasyon ng mga waste picker at ng Konsehong Ehekutibo ng Kongreso;

7.1.3 Ang Kongreso ay pinamumunuan ng isang Pangulo (inihalal ayon sa Sugnay 8.4 sa ibaba);

7.1.4 Ang Kongreso ay pinamamahalaan ng isang Konsehong Ehekutibo (na inihalal ayon sa Sugnay 8.4 sa ibaba);

7.1.5 Ang Konsehong Ehekutibo ang nagpapasya sa petsa, lugar, agenda, at patakaran ng bawat Kongreso;

7.1.6 Ipaalam ng Konsehong Ehekutibo sa mga kaanib ang petsa at lugar ng Kongreso nang hindi bababa sa apat (4) na buwan nang maaga;

7.1.7 Ang Kongreso ay nagpupulong nang hindi bababa sa isang beses kada limang (5) taon;

7.1.8 Ang Konsehong Ehekutibo ay maaaring magpatawag ng isang Extraordinary Congress;

7.1.9 Ang petisyon ng simpleng mayorya ng mga kaanib ay maaari ring bumuo ng isang Extraordinary Congress;

7.1.10 Ang bilang ng mga delegado ng Kongreso sa bawat organisasyon ay batay sa bilang ng mga bayad na miyembro ng bawat organisasyong kaanib, tulad ng sumusunod:

- a. Ang mga kaanib na may 1–100 miyembro ay may karapatan sa isang (1) delegado ng pagboto;
- b. Ang mga kaanib na may 101–1000 miyembro ay may karapatan sa dalawang (2) delegado ng pagboto;
- c. Ang mga kaanib na may 1001–5000 miyembro ay may karapatan sa tatlong (3) delegado ng pagboto;
- d. Ang mga kaanib na may higit sa 5000 miyembro ay may karapatan sa apat (4) na delegado ng pagboto;
- e. Kung, sa bansang pinagmulan, may mga pagkakataon ng mga organisasyong membership-based, ang mga delegado ay dapat kabilang sa pambansang organisasyon. Kung walang pambansang organisasyon, dapat bumuo ng mga pamantayan upang magkaroon ng kinatawan ang mga lokal na organisasyon sa internasyonal na alyansa.

7.1.11 Dapat hindi bababa sa limampung porsyento (50%) ng mga delegado ng Kongreso ay mga trabahador na kababaihan, nonbinary, o trans;

7.1.12 Tanging ang mga organisasyon na nagbayad ng kanilang mga bayarin ang maaaring magkaroon ng mga karapatan sa representasyon;

7.1.13 Maaari ring dumalo ang mga kawani ng Alyansa sa pagpapasya ng Konsehong Ehekutibo;

7.1.14 Naaabot ang quorum kapag may limampung porsyento (50%) + isa (1) sa kabuoang delegado na nakakompleto ng lahat ng kinakailangan para sa representasyon. Sususpendihin ang Kongreso kung hindi makakamit ang quorum sa loob ng 24 na oras;

7.1.15 Ang agenda ay ipapasya ng Konsehong Ehekutibo at magbabalangkas ng mga sumusunod:

- a. Mga adopsiyon at pagsusog sa Konstitusyon, mga palatuntunan, mga regulasyon;

- b. Mga ulat mula sa Kalihiman at Pangulo;
- c. Mga pag-apruba at resolusyon sa patakaran na iniharap ng Konsehong Ehekutibo / mga kaanib;
- d. Mga pinansiyal na ulat na aaprubahan;
- e. Mga komite na aprubahan, kabilang na ang mga komite sa halalan, kabataan, rehiyon, at tema;

7.2 Konsehong Ehekutibo

7.2.1 Dapat ihalal ng Kongreso ang Konsehong Ehekutibo;

7.2.2 Binubuo ang Konsehong Ehekutibo ng isang Pangulo, Bise-Pangulo, at Ingat-Yaman;

7.2.3 Ang Konsehong Ehekutibo ay kukuha at mamamahala ng isang Pangkalahatang Kalihim;

7.2.4 Dapat magkaroon ng Konsehong Ehekutibo ng representasyong panrehiyon. Ang nominasyon ng mga kinatawan ay dapat magmula sa bawat rehiyon;

7.2.5 Dapat binubuo ang Konsehong Ehekutibo nang hindi bababa sa limampung porsyento (50%) na kababaihan;

7.2.6 Ang mga miyembro ng Konsehong Ehekutibo ay dapat na mga waste picker at suportahan nang karampatan ng Kalihim sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin bilang mga miyembro ng konseho;

7.2.7 Susuriin ng Konsehong Ehekutibo ang kasalukuyang listahan ng mga organisasyon ng mga waste picker, ang kanilang pagiging miyembro, at laki sa buong pandaigdigang rehiyon, at tutukuyin ang mga demarkasyong rehiyonal sa pamamagitan ng mayoryang resolusyon upang magbigay ng balanse at matiyak ang pinakamainam na representasyong heograpiko;

7.2.8 Ang termino ng Konsehong Ehekutibo ay ang limang (5) taon sa pagitan ng mga Kongreso;

7.2.9 Kung ang mga Miyembrong Ehekutibo ay magretiro o hindi makapaglilingkod sa kalagitnaan ng kanilang termino, magtatalaga ng kanilang mga kahalili. Kung walang kahalili, magnonomina ng bagong miyembro ayon sa mga kagustuhan ng mga kaanib sa rehiyon na kinakatawan ng miyembrong nagretiro;

7.2.10 Ang Konsehong Ehekutibo ay magpupulong isang beses kada tatlong (3) buwan online;

7.2.11 Ang Pangkalahatang Kalihim ay magbibigay ng dalawang (2) linggong abiso sa mga miyembro ng Konseho nang maaga sa mga pulong;

7.2.12 Ang quorum ay limampung porsyento (50%) + isang boto (1);

7.2.13 Kabilang sa mga kapangyarihan at tungkulin ng Konsehong Ehekutibo ang mga sumusunod:

- a. Isulong ang mga aktibidad ng Alyansa;
- b. Makamit ang mga pakay at layunin ng Alyansa;
- c. Padaliin at subaybayan ang pagpapatupad ng mga resolusyon, aksiyon, plano, at patakaran ng Alyansa;
- d. Subaybayan ang pagtakbo ng Kalihim;
- e. Subaybayan ang gawain ng mga subcommittee;
- f. Aprubahan ang mga badyet at ulat;
- g. Isaalang-alang ang mga panukala mula sa mga kaanib;
- h. Isaayos ang Kongreso;
- i. Magtalaga ng mga gawain sa mga kawani at subcommittee;
- j. Aprubahan ang mga aplikasyon ng mga member affiliation at pagkasunduan ang suspensiyon ng member affiliation na napapailalim sa pagratipika ng Kongreso.

7.3 Mga Opisyal

7.3.1 Ang Pangulo

Dapat maghalal ang Kongreso ng Pangulo para sa isang termino ng panunungkulan na maaaring ulitin nang isang beses lamang sa pamamagitan ng halalan. Kung magreretiro siya sa Pagkapangulo sa anumang dahilan, ang Konsehong Ehekutibo ang magtatalaga sa Bise-Pangulo na hahalili sa Pangulo. Ang Pangulo ay dapat:

- a. Pamunuan ang Kongreso at mga pulong ng Konsehong Ehekutibo;
- b. Katawanin ang Alyansa sa mga pulong, sa mga Kongreso ng mga kaanib, at sa mga organisasyon sa labas ng Alyansa;
- c. Magsagawa ng mga tungkulin na ipinag-uutos ng Kongreso at Konsehong Ehekutibo.

7.3.2 Ang Bise-Pangulo

Dapat maghalal ang Kongreso ng Bise-Pangulo para sa isang termino ng panunungkulan na maaaring ulitin nang isang beses lamang sa pamamagitan ng halalan. Sa kawalan ng Pangulo, o ayon sa kaniyang ipinagkaloob, ang Bise-Pangulo ang dapat gumanap sa mga tungkulin ng Pangulo.

7.3.3 Ang Kongreso ng Mga Ingat-Yaman

ay dapat maghalal ng Ingat-Yaman para sa isang termino ng panunungkulan na maaaring ulitin nang isang beses lamang sa pamamagitan ng halalan. Dapat gumanap ang Ingat-Yaman sa mga sumusunod na tungkulin:

- a. Magsagawa ng pangkalahatang pangangasiwa sa mga gawaing pinansiyal ng Alyansa;

- b. Gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang upang matiyak na ang mga wastong aklat ng transaksyon ng Alyansa ay natupad;
- c. Tiyaking na-audit ang mga aklat ng transaksyon;
- d. Maghanda ng pinagsamang mga annual balance sheet at statement of income and expenditure;
- e. Magsumite o magbahagi ng mga audited annual balance sheet at statement of income and expenditure sa mga miyembro;
- f. Gampanan ang iba pang tungkulin gaya ng nakagawian at ayon sa paggamit na nauukol sa tanggapan.

7.3.4 Ang Pangkalahatang Kalihim

Ang Pangkalahatang Kalihim ay dapat na isang ehekutibong tinanggap ng Konsehong Ehekutibo sa pamamagitan ng isang boto sa Konseho at hindi isang boto ng Kongreso, sa pamamagitan ng paghingi ng mga aplikasyon at CV mula sa mga interesadong kandidato at pagtiyak na ang pangunahing kinakailangan ay kaalaman sa sektor at karanasan sa pakikipagtulungan o pagkatawan sa mga impormal na grupo ng mga waste picker. Siya ay magiging full-time at bayad na miyembro ng kawani at isang ex officio na miyembro ng lahat ng katawan ng Alyansa. Ang Pangkalahatang Kalihim ay mananagot sa Konsehong Ehekutibo at makikipagtulungan nang malapit sa mga Opisyal upang ipatupad ang mga desisyon at plano ng Kongreso. May pananagutan siya sa mga sumusunod na tungkulin:

- a. Pamahalaan ang Kalihim at ang agarang pagkompleto ng gawain nito alinsunod sa mga resolusyon at direktiba ng Konsehong Ehekutibo;
- b. Itala at ipalaganap ang mga talaan ng mga Kongreso at pulong ng Konsehong Ehekutibo;
- c. Tiyakin ang epektibong komunikasyon sa mga kaanib;
- d. Panatilihin ang isang mahusay na kawani ng opisina ng mga International at Regional Coordinator at iba pang tulong na maaaring kailanganin, depende sa pagkakaroon ng pananalapi;
- e. Pamahalaan ang pananalapi ng Alyansa, kabilang na ang pagtatanghal ng taunang financial report at panukalang badyet sa Konsehong Ehekutibo at panatilihin ang mga aklat at talaan sa pananalapi para sa pag-audit;
- f. Magsilbing kinatawan ng Alyansa sa mga pulong, Kongreso ng mga kaanib nito, at iba pang organisasyon.

7.4 Paghalal ng Konsehong Ehekutibo at Mga Opisyal

Ang Pangulo, Bise-Pangulo, at Ingat-Yaman ay ihahalal sa pamamagitan ng prosesong nakabalangkas sa ibaba:

- 7.4.1 Ang Pangkalahatang Kalihim ay mananawagan para sa mga nominasyon;
- 7.4.2 Ipadadala ang mga nominasyon sa Komite ng Halalan;
- 7.4.3 Magaganap ang halalan sa pamamagitan ng lihim na balota sa Kongreso;
- 7.4.4 Dalawa o higit pa sa mga Opisyal na inihalal ay dapat na mga kababaihan, hindi binary, o trans workers;
- 7.4.5 Walang dalawang Opisyal na inihalal ang maaaring magmula sa iisang rehiyon;
- 7.4.6 Lahat ng posisyon ng Opisyal maliban sa Kalihim ay dapat iikot sa mga rehiyon;
- 7.4.7 Ang isang nominadong kandidato ay maaaring ihalal habang nakaliban, sa kondisyon na tanggapin ng kandidato ang kaniyang nominasyon para sa posisyon sa pamamagitan ng pagsulat;
- 7.4.8 Sakaling walang kandidato ang makatanggap ng mayorya ng mga boto, ang nangungunang dalawang (2) kandidato na may pinakamaraming balidong boto ay dadaan sa ikalawang round ng pagboto upang matiyak ang panalo;
- 7.4.9 Dapat maunawaan ng mga Opisyal na ang Kongreso ang nagtatakda ng pangunahing agenda at action plan para sa Alyansa;
- 7.4.10 Ang Kongreso ang magpapasya sa anumang honorarium na ibabayad sa Pangulo, Bise-Pangulo, at Ingat-Yaman. Mainam kung ang kanilang mga suweldo ay sakop ng kanilang mga base organization, kaya ang mga gampaning ito ay hindi dapat kunin para mabayaran. Ibabalik ang mga gastusin na naipon kaugnay ng pagtupad sa mga tungkulin.

7.5 Pagtanggap sa Panunungkulan ng Mga Opisyal

Ang Pangulo, Bise-Pangulo, Ingat-Yaman, at Pangkalahatang Kalihim ay dapat umalis sa puwesto sa alinman sa mga sumusunod na pangyayari:

- a. Sa pagbibitiw, pagsuspende, o pagpapaalis mula sa pagiging miyembro ng Alyansa o alinman sa mga organisasyong kasapi nito, o sa pagsuspende o pagpapaalis sa puwesto dahil sa maling pag-uugali sa dalawang-katlo na boto ng Konsehong Ehekutibo;
- b. Sa pagliban sa kaniyang sarili nang walang pahintulot ng Konsehong Ehekutibo mula sa tatlong (3) magkakasunod na pagpupulong ng Konsehong Ehekutibo;
- c. Sa kaso ng motion for suspension/expulsion, ang notice of removal ay ibabahagi sa lahat ng kasaping organisasyon na hindi bababa sa siyamnapung (90) araw bago ang pagbibigay-daan sa mga regional representative sa loob ng Konsehong Ehekutibo na makatanggap ng inputs mula sa mga organisasyon sa kanilang rehiyon. Sa kaso ng malaking hindi pagkakasundo, ang isang simpleng mayorya ng mga miyembro ay may karapatang manawagan para sa isang Extraordinary Congress (ayon sa mga probisyon na may kaugnayan sa pagtawag ng

Kongreso). Gayunpaman, malamang na hindi ito mangyari dahil ang dalawang katlo (2/3) na mayorya ay kinakailangan para sa pag-alis/pagsuspende.

7.6. Mga Pansamantalang Opisyal

7.6.1 Sakaling ang katungkulan ng isang Opisyal ay maging bakante sa pagitan ng mga Kongreso, ang Konsehong Ehekutibo ay dapat maghalal, sa pamamagitan ng balota at dalawang katlo (2/3) na boto ng mayorya, mula sa mga miyembro ng Konsehong Ehekutibo, ng isang taong papalit sa pangangasiwa hanggang sa susunod na ordinaryong Kongreso;

7.6.2 Ang isang miyembrong inihalal upang punan ang gayong bakanteng posisyon ay dapat manungkulan sa natitirang bahagi ng panahon ng panunungkulan ng kaniyang hinalinhan;

7.6.3 Ang lahat ng naturang halalan ay dapat na imungkahi sa pamamagitan ng nominasyon, ipangalawa, at iboto sa pamamagitan ng balota ng mayorya.

7.7 Kalihiman

Ang Kalihiman ay ang katawang administratibo ng Alyansa na pinamamahalaan at tumatakbo gaya ng sumusunod:

- a. Ang Kalihiman ay pinamumunuan ng Pangkalahatang Kalihim, na siyang namamahala sa pang-araw-araw na gawain ng Alyansa at nag-uulat sa Konsehong Ehekutibo at Kongreso;
- b. Binubuo ito ng mga full-time na bayad na kawani na nagpapatupad ng mga aktibidad;
- c. Tumatakbo ito sa patnubay ng Konsehong Ehekutibo;
- d. Pinamamahalaan nito ang lahat ng pulong, koordinasyon ng aktibidad, miyembro, pagsulat ng ulat, at koordinasyon sa iba pang katawan;
- e. Tumatakbo ito nang hindi umaasa sa tubo.

8. Pamamahalang Pinansiyal

8.1 Ang pamamahalang pinansiyal ng Alyansa ay magiging alinsunod sa mga kinakailangang piskal at legal ng bansa kung saan nakarehistro ang Alyansa at/o kung saan ang Kalihiman ay tumatakbo;

8.2 Ang mga pondo ng organisasyon ay kukunin mula sa mga bayarin sa pagiging miyembro, mga grant, at mga donasyon mula sa mga organisasyon ng pagpopondo, at

lahat ng iba pang pera na natanggap mula sa iba't ibang mapagkukunan, na naaayon at gumagalang sa aming mga alituntunin at mga halaga ng samahan;

8.3 Ang mga pondo ng lahat ng account ng organisasyon ay dapat ilapat sa pagbabayad ng mga gastos na may kinalaman sa pangangasiwa ng mga gawain ng Alyansa (hanggang sa dalawampu't limang porsiyento (25%) ng mga pondo), ang pagkuha ng ari-arian at/o patungo sa pagkamit ng mga bagay na tinukoy sa Sugnay 3 ng Konstitusyong ito, at iba pang layuning naaayon sa batas na maaaring pagpasyahan ng Konsehong Ehekutibo o ng mga organisasyong miyembro ng Alyansa na bumoto sa pamamagitan ng balota;

8.4 Dapat gumanap ang Alyansa bilang isang entidad na hindi umaasa sa tubo, na naglalaan ng mga mapagkukunan nito patungo sa mga bagay na tinukoy sa Sugnay 3 ng Konstitusyong ito at hindi dapat maglaan ng anumang labis na kita sa paggastos patungo sa anumang dividend o bonus sa mga miyembrong organisasyon nito.

8.5 Bubuksan ang isang bank account sa pangalan ng Alyansa sa isang bangko na inaprubahan ng Konsehong Ehekutibo. Ang mga lumagda sa mga account ng Alyansa ay ang Pangulo, ang Pangkalahatang Kalihim, at dalawang (2) iba pang indibidwal na madaling mapuntahan ng Kalihim na itinalaga para sa layunin ng Konsehong Ehekutibo. Ang sinumang dalawang (2) nabanggit ay magkasamang lalagda sa bawat transaksyon;

8.6 Ang mga lumagda na tinutukoy sa Sugnay 8.5 sa itaas ay dapat baguhin ng Konsehong Ehekutibo tuwing limang (5) taon;

8.7 Ang mga statement of income and expenditure at ang posisyong pinansiyal ng Alyansa ay dapat ihanda nang dalawang beses sa isang taon ng Pangkalahatang Kalihim at isumite sa Konsehong Ehekutibo, na siya namang magsusumite nito sa Kongreso;

8.8 Lahat ng account ng Alyansa ay dapat i-audit taon-taon ng isang tao/kompanya na nakarehistro bilang accountant at auditor sa mga tuntunin ng kaukulang pambansa at pandaigdigang batas, na itinalaga ng Konsehong Ehekutibo;

8.9 Ang mga pinagsamang audited financial statement, balance sheet, at auditor's report para sa Alyansa ay dapat kumpirmahin ng Konsehong Ehekutibo at iharap sa mga miyembrong organisasyon;

8.10 Ang ulat ng auditor na nakabalangkas sa mga Sugnay 8.8 at 8.9 sa itaas ay magsasaad kung:

- a. Tiyak siya sa pagkakaroon ng mga seguridad at sinuri niya ang mga aklat ng transaksyon at mga talaan ng Alyansa;
- b. Tiyak siya na iningatan ang mga wastong aklat ng transaksyon;
- c. Nakuha niya ang lahat ng impormasyon at paliwanag na kailangan;

- d. Sa kaniyang palagay, ang statement of income and expenditure at ang balance sheet na ni-audit niya ay maayos na nabuo upang tunay at wastong ipasalamain ang kalagayan ng Alyansa ayon sa kaniyang kaalaman at sa mga paliwanag na ibinigay sa kaniya at gaya ng ipinakita ng mga aklat ng Alyansa tulad ng petsa ng balance sheet;
- e. Sa kaniyang palagay, nasunod ang mga probisyon ng Konstitusyon ng Alyansa hangga't may kaugnayan ang mga ito sa mga usaping pinansiyal;

8.11 Ang isang organisasyong kasapi na nagbitiw o pinalayas sa Alyansa ay hindi dapat mag-angkin sa pondo ng Alyansa;

8.12 Ang mga miyembro o Opisyal ng Alyansa ay walang karapatan sa mga pondo at ari-arian na kabilang sa Alyansa;

8.13 Hindi maaaring ibigay ng organisasyon ang alinman sa pera o ari-arian nito sa mga miyembro o Opisyal nito, maliban bilang pagbabayad para sa trabaho na ginawa ng isang miyembro o Opisyal para sa organisasyon. Sa gayong mga sitwasyon, ang pagbabayad ay dapat na makatwirang halaga para sa gawaing nagawa;

8.14 Ang piskal na taon ng Alyansa ay matutukoy sa pamamagitan ng lokasyon ng Kalihiman alinsunod sa mga kaugalian ng bansang iyon.

9. Mga Tungkulin ng Mga Kaanib

9.1 Relasyon sa pagitan ng Alyansa at Mga Kaanib:

Igagalang at pahahalagahan ng Alyansa ang awtonomiya ng mga kaanib nito. Gayunpaman, ang mga kaanib ay inaasahang magsasagawa at magpapatupad ng mga desisyon at patakaran ng Alyansa kaugnay ng kanilang pagiging kasapi sa Alyansa ayon sa napagkasunduan ng Kongreso o Konsehong Ehekutibo;

9.2 Mga Tungkulin ng Mga Kaanib

Ang isang organisasyon na kaanib ng Alyansa ay gagampanan ang mga sumusunod na tungkulin:

9.2.1 Ipaalam sa Kalihiman ang mga halalan nito at ang anumang pagbabago sa mga Opisyal at membership nito at ang mga bagong contact detail mula Disyembre 31 bawat taon;

9.2.2 Magbigay ng iba pang impormasyong kinakailangan sa abot ng makakaya nito;

9.2.3 Maglathala sa newsletter nito, sa website nito, at sa iba pang media ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng Alyansa at magpadala ng mga kopya o link ng impormasyong ito sa Kalihiman;

- 9.2.4 Magpadala ng mga kopya ng taunang ulat nito sa Kalihiman;
- 9.2.5 Regular na magbayad ng mga bayaring nakasaad sa Sugnay 6 sa itaas;
- 9.2.6 Makilahok sa mga Kongreso at iba pang aktibidad ng Alyansa;
- 9.2.7 Suportahan ang pagbuo ng isang diwa at kaugalian ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pag-aambag/pagbabahagi ng mga mapagkukunan tulad ng mga kasanayan, materyales, at pananalapi para sa magkasanib na pandaigdigang aktibidad.

10. Interpretasyon ng Konstitusyon

10.1 Ang pananagutan sa interpretasyon ng mga tuntunin ng Konstitusyong ito o anumang bagay na kaugnay nito ay dapat ipagkaloob sa Kongreso. Sa pagitan ng mga Kongreso, ang Konsehong Ehekutibo ay bibigyan ng kapangyarihang magtatag ng mga pansamantalang patakaran at pasyang may kaugnayan sa interpretasyon, na napapailalim sa huling desisyon ng Kongreso;

10.2 Sakaling magkaroon ng anumang pagkakaiba ng kahulugan sa pagitan ng iba't ibang bersiyon ng Konstitusyong ito, ang bersiyon sa Ingles ang mananaig.

11. Mga Susog

Ang Kongreso ay maaaring magpawalang-bisa, magbago, o magdagdag sa mga probisyon ng Konstitusyong ito sa pamamagitan ng pitumpu't limang porsiyento (75%) na mayorya ng mga delegado ng pagboto sa kondisyon na hindi bababa sa animnapung (60) araw na abiso ng anumang panukalang pagbabago ay unang ibibigay sa lahat ng miyembro.

12. Pagpapataw ng Kabayaran sa Mga Opisyal/Lider

Ang mga Opisyal, mga miyembro ng Konsehong Ehekutibo, mga delegado, at mga empleyado ng Alyansa, sa kondisyon na sila ay kumilos nang tapat sa paraang nagpapasulong sa kapakanan ng Alyansa, ay dapat bayaran ng Alyansa laban sa lahat ng paglilitis, gastos, at gastusin na natamo dahil sa anumang pagkukulang, kapabayaan, o iba pang gawain sa pagganap ng kanilang mga tungkulin sa ngalan ng Alyansa o mga miyembro nito, at hindi sila mananagot nang personal sa alinman sa mga pananagutan ng Alyansa o sinuman sa mga miyembro nito.

13. Pagbuwag

13.1 Ang Alyansa ay maaaring mabuwag anumang oras sa pamamagitan ng isang resolusyon ng pitumpu't limang porsiyento (75%) ng mga delegado na kuwalipikadong bumoto, sa kondisyon na ang postal at electronic ballot ay isinagawa, at hindi bababa sa walumpung porsiyento (80%) ng mga delegado na kuwalipikadong bumoto ay lumahok sa balota;

13.2 Sakaling pagpasyahan ng Alyansa na buwagin ang Kongreso, kailangang matupad ang anumang obligasyong pinansiyal. Ang Kongreso ang magpapasya sa kung paano gagamitin ang pondo at ari-arian ng Alyansa;

13.3 Sakaling hindi magpasya sa kung paano gagamitin ang mga pondo at ari-arian ang Kongresong namamahala sa resolusyon para sa pagbuwag, dapat iangkop ang mga sumusunod na probisyon:

- a. Ang mga available na miyembro ng huling hinirang na Konsehong Ehekutibo ay dapat magtalaga ng isang liquidator upang isagawa ang pagbuwag. Hindi dapat maging miyembro ng Alyansa ang liquidator, at babayaran siya ayon sa napagkasunduan sa pagitan niya at ng mga nabanggit na miyembro;
- b. Ang liquidator na itinakda ay dapat manawagan sa mga huling Opisyal at Kalihiman ng Alyansa na ihatid sa kaniya ang mga aklat ng transaksyong nagpapakita ng mga ari-arian at liabilities ng Alyansa kasama ang rehistro ng mga miyembro sa nakalipas na labindalawang (12) buwan bago ang petsa kung kailan huminto sa pagtakbo ang Alyansa, na mula rito ay tinutukoy bilang petsa ng pagbuwag, na siya ring huling petsa ng pagbayad ng mga miyembro. Dapat ding manawagan ang liquidator sa mga naturang Opisyal at empleyado ng Alyansa na iabot sa kaniya ang lahat ng hindi nagastos na pondo ng Alyansa at ihatid sa kaniya ang mga ari-arian at dokumentong kailangan upang likidahin ang mga ari-arian ng Alyansa;
- c. Dapat gumawa ang liquidator ng mga kinakailangang hakbang upang likidahin ang mga utang ng Alyansa mula sa mga hindi nagastos na pondo nito at anumang iba pang perang nakuha mula sa mga ari-arian nito;
- d. Matapos mabayaran ang lahat ng utang alinsunod sa naunang Sugnay, ang natitirang pondo, kung mayroon man, ay dapat gamitin sa pamamagitan ng paglilipat ng lahat o bahagi ng mga ari-arian sa anumang iba pang nabanggit na organisasyon na may mga katulad na pakay at layunin o mapananatili sa isang trust hanggang sa maitatag ang ibang organisasyon na ganap o bahagyang katulad ng lugar at saklaw ng nabuwag na organisasyon at bukas sa lahat ng organisasyong nagtatrabaho sa naturang lugar at saklaw.

14. Mga Nakalakip na Regulasyon

Ang mga regulasyon at pamamaraan na kakailanganing ibalangkas at ipagtibay ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga ito, na natukoy sa oras na ito:

- Application form ng pagiging miyembro.
- Standing Order para sa pagsasagawa ng mga pulong.
- Standing Order para sa pagsasagawa ng mga kongreso.
- Pamamaraan ng nominasyon para sa halalan para sa mga miyembro ng Konsehong Ehekutibo sa Mga Internasyonal na Kongreso.
- Pamamaraan ng halalan sa mga Internasyonal na Kongreso.
- Terms of Reference para sa mga subcommittee.